



**COVID-19  
VACCINE**  
Public Health  
Advice

# Mga Bakuna Sa COVID-19

Impormasyon tungkol sa iyong  
bakuna na **Pfizer**, **VidPprevtyn Beta**  
o **Novavax**

Bersiyon 8  
12 Setyembre 2023



Rialtas na hÉireann  
Government of Ireland

## Tungkol sa booklet na ito

Ang booklet na ito ay nagbibigay sa iyo ng pangkalahatang impormasyon tungkol sa iyong bakuna sa COVID-19. May mga hiwalay na booklet ng impormasyon tungkol sa bakuna na Pfizer para sa mga bata na edad 5-11 at 12-15 taon na makikita sa [www.hse.ie](http://www.hse.ie)

Makikita ito online para basahin mo bago mo kunin ang iyong bakuna at bibigyan ka ng booklet na ito kapag kukunin mo ang iyong bakuna.

Mayroon itong impormasyon tungkol sa:

- Mga bakuna, booster at karagdagang dosis
- Mga adapted vaccine
- Pag-apruba sa bakuna, kaligtasan at pagsubaybay
- Pagbubuntis at pagpapasuso
- Mga inirerekomendang bakuna ayon sa edad
- Ano ang aasahan pagkatapos ng iyong bakuna sa COVID-19
- Bawat isa sa 3 na bakuna – mga side effect at kailan hindi dapat kunin ang isang partikular na bakuna

### **Bakuna sa COVID-19 na Pfizer – tinatawag ding Comirnaty**

- » Mga posibleng side effect ng bakuna na Pfizer
- » Kailan mo hindi dapat kunin ang bakuna na Pfizer

### **Bakuna sa COVID-19 na VidPrevtyn Beta**

- » Mga posibleng side effect ng bakuna na VidPrevtyn Beta
- » Kailan mo hindi dapat kunin ang bakuna na VidPrevtyn Beta

### **Bakuna sa COVID-19 na Novavax – tinatawag ding Nuvaxovid**

- » Mga posibleng side effect ng bakuna na Novavax
- » Kailan mo hindi dapat kunin ang bakuna na Novavax
- Panahon na kinakailangan para magkabisa ang mga bakuna
- Pag-uulat ng mga side effect
- Saan kukuha ng karagdagang impormasyon
- Ang iyong personal na impormasyon

Masasagot ng iyong tagapagbakuna ang anumang mga tanong mo pagkatapos basahin ang booklet na ito.

Pakitago ang booklet na ito, dahil baka kailangan mo ito bilang sanggunian.

Kung gusto mo ang booklet na ito sa ibang format gaya ng Ingles na Madaling Basahin, Ingles na Braille, Irish Sign Language o kung gusto mo ng ibang naisalin na bersiyon, bisitahin Kung gusto mo ang booklet na ito sa ibang format gaya ng Ingles na Madaling Basahin, Ingles na Braille, Irish Sign Language o kung gusto mo ng ibang naisalin na bersiyon, bisitahin ang [www.hse.ie/covid19vaccinmaterials](http://www.hse.ie/covid19vaccinmaterials)

## Tungkol sa iyong bakuna sa COVID-19

Ang mga bakuna sa COVID-19 ang pinakamabuting paraan para protektahan ang iyong sarili mula sa COVID-19. Magmula noong inilabas ang mga bakuna, mas kaunting tao ang nakikita nating nagkakaroon ng malubhang karamdaman at mas kaunti ang pagkamatay mula sa virus sa Ireland.

Ang pagpapabakuna para sa COVID-19 ay dapat makabawas sa iyong panganib na magkaroon ng COVID-19 at protektahan ka mula sa mga malubhang komplikasyon. Ang HSE ay nagbabakuna ng mga tao sa Ireland upang protektahan sila at upang patuloy na mapababa ang bilang ng mga tao na may malubhang karamdaman at ang bilang ng mga pagkamatay.

Ang booklet na ito ay may impormasyon tungkol sa 3 pangunahing bakuna sa Covid-19 programa ng pagbabakuna sa Ireland para sa mga tao na edad 16 at mas matanda:

**Pfizer**, **VidPrevtyn Beta** at **Novavax**.

Sa Ireland, ang mga bakuna sa COVID-19 na AstraZeneca, tinatawag ding Vaxzevria, Janssen (tinatawag ding Jcovden®) at Spikevax (tinatawag ding Moderna), ay hindi na ginagamit, ngunit makikita mo ang impormasyon tungkol sa mga ito sa [www.hse.ie](http://www.hse.ie)

## Mga bakuna, booster at karagdagang dosis

Kapag tinutukoy namin ang (mga) bakuna sa booklet na ito, ang ibig naming sabihin ay:

- isang pangunahing kurso (una o pangalawang dosis)
- isang karagdagang dosis – iniaalok sa mga tao na may mahinang immune system at/o
- isang booster na dosis

### Pangunahing kurso

Ang pangunahing kurso ay inirerekomenda para sa lahat ng tao na edad 12 taon at mas matanda.

Ang pangunahing kurso ay:

- isang una at pangalawang dosis, 4 na linggo ang pagitan para sa mga edad 30 at mas matanda, at para sa mga edad 12-29 na may mahinang immune system
- isang una at pangalawang dosis, 8 linggo ang pagitan para sa mga edad 12-29. May hiwalay na booklet ng impormasyon para sa mga bata na edad 12-15 taon

## Karagdagang dosis

Iniaalok ang karagdagang dosis sa mga tao na may mahinang immune system.

### Mga booster na dosis

Ang proteksyon na nakukuha mo mula sa iyong mga naunang bakuna o proteksyon na nakuha mo mula sa impeksyon ng COVID-19 ay maaaring humina sa paglipas ng panahon. Pinatataas ng mga booster ang iyong proteksyon mula sa COVID-19.

Mabuting pag-isipan mong kunin ang iyong booster para protektahan din ang iba – halimbawa, kung ikaw ay tagapag-alaga o may kasama sa bahay na nasa mataas na panganib sa COVID-19, gaya ng isang taong may mahinang immune system.

Inirerekomenda ang kahit man lang isang booster para sa lahat ng nasa hustong gulang na edad 18 taon at mas matanda. Pagkatapos nito, inirerekomendas ang mga booster sa taglagas para sa ilang tao.

Ang booster sa taglagas ay iniaalok kung ikaw ay:

- 50 at mas matanda
- 5 o mas matanda na may mahinang immune system
- 5 hanggang 49 na may kondisyon na naglalagay sa iyo sa mataas na panganib ng malubhang karamdaman mula sa COVID-19
- isang manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan

Para sa karagdagang impormasyon kung kailan dapat kunin ang iyong susunod na bakuna sa COVID-19 bisitahin ang **[www.hse.ie](http://www.hse.ie)** o tawagan ang aming team sa HSELive sa **1800 700 700**.

Ang mga tao na edad 18-49 na up to date sa kanilang mga bakuna (pangunahing kurso at unang booster) ay maaaring kumuha ng booster sa taglagas kasunod ng pakikipag-usap sa isang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan.

Kung dapat ka nang magpabakuna para sa trangkaso, maaari mong kunin ang alinmang bakuna sa COVID-19 nang sabay.

## Mga adapted vaccine

Ang mga bakuna na Comirnaty na iaalok sa iyo ay mga adapted vaccine. Ang mga adapted Comirnaty vaccine ay naglalaman ng mRNA upang magprotekta laban sa mga variant strain ng COVID-19. Inaasahang magbibigay ang mga ito ng mas malawak na proteksyon laban sa mga variant ng COVID-19 kaysa sa orihinal na bakuna.

Ang mga adapted vaccine ay inirerekomenda ng National Immunisation Advisory Committee at aprubado ng European Medicines Agency.

Ang VidPrevtyn Beta ay batay sa beta variant ng COVID-19. Maaari itong gamitin upang pamprotekta laban sa COVID-19 bilang booster lamang sa mga nasa hustong gulang na edad 18 at mas matanda na nakatanggap na ng mRNA na bakuna sa COVID-19 o adenoviral vector na bakuna sa COVID-19 (gaya ng Vaxzevria o Jcovden).

### **Mahalaga:**

Ang payo mula sa European Medicines Agency (EMA) at sa National Immunisation Advisory Committee (NIAC) ay maaaring magkaiba kung minsan. Kapag mangyayari ito, susundin natin ang patnubay ng NIAC sa Ireland.

## Pag-apruba sa bakuna, kaligtasan at pagsubaybay

Ang HSE ay gumagamit lamang ng mga bakuna kapag natutugunan ng mga ito ang mga kinakailangang pamantayan ng kaligtasan at pagiging epektibo at pagkatapos lisensiyahan ng European Medicines Agency (EMA) ang mga ito.

Ang bakuna sa COVID-19 ay sumailalim na sa parehong mga klinikal na pagsubok at pagsusuri sa kaligtasan gaya ng lahat ng iba pang lisensiyadong bakuna, gayunpaman ang mga bakuna ay bago pa at limitado ang impormasyon sa mga pangmatagalang side effect.

Mas kaunti ang impormasyon namin sa kaligtasan ng pangalawa at kasunod na mga booster sa COVID-19. Gayunpaman, maraming bansa ang nagbigay na sa kanilang mga populasyon ng maramihang dosis ng mga bakuna sa COVID-19. Ipinapakita ng mga pag-aaral na walang anumang hindi inaasahang problema sa kaligtasan magpahanggang ngayon para sa mga tao na nakatanggap ng maramihang booster.

Inaasahan na ang kaligtasan ng mga adapted vaccine ay magiging katulad ng mga naunang bakuna. Ang kaligtasan ng mga bakuna ay patuloy na susubaybayan ng EMA. Lahat ng mRNA adapted vaccine ay naglalaman ng Trometamol na nangangahulugang hindi mo maaaring tanggapin ang mga ito kung nagkaroon ka na ng anaphylaxis (malubhang allergic na reaksiyon) sa Trometamol.

Nasa sa iyo kung kukunin mo ang bakuna. Mariing inirerekomenda ng HSE, World Health Organization (WHO) at Department of Health na kunin mo ang iyong bakuna kapag inialok ito sa iyo.

Sinusubaybayan ng Health Products Regulatory Authority (HPRA) at ng European Medicines Agency (EMA) ang mga bakuna sa COVID-19 para sa kaligtasan at pagiging epektibo. Sasabihin namin sa iyo ang higit pa tungkol sa HPRA sa pahina 19.

Sa Ireland, ang National Immunisation Advisory Committee (NIAC) ang nagbibigay ng payo sa patakaran sa bakuna sa Department of Health at ang HSE ang nagpapatupad sa patakaran ng departamento.

## Pagbubuntis at pagpapasuso

Dapat mong kunin ang iyong bakuna sa COVID-19 kung ikaw ay:

- buntis
- sinusubukang magkaanak o maaaring magbuntis
- nagpapasuso

Karamihan sa mga taong buntis na nakakakuha ng virus, kahit na wala pa silang bakuna sa COVID-19, ay nagkakaroon ng hindi malubha hanggang katamtamang mga sintomas. Nagsisilang sila gaya ng nakaplano at ang panganib na maipasa ang COVID-19 sa kanilang sanggol ay mababa.

Gayunpaman, kung ikaw ay buntis mas malamang na magkasakit ka nang malubha at mangailangan ng paggamot sa intensive care. Maaari ding magdulot ang virus ng mga komplikasyon para sa iyong sanggol.

Ang mga bata na wala pang 1 taon ay mas mataas ang panganib na maospital at magkasakit nang malubha mula sa COVID-19. Ang mga sanggol na may mga inang nabakunahan sa panahon ng pagbubuntis, ay mas mababa ang posibilidad na mangailangan ng pangangalaga sa ospital para sa COVID-19.

Walang ebidensya na ang mga bakuna sa COVID-19 ay nakakaapekto sa pertilidad ng kalalakihan o kababaihan. Hindi mo kailangang ipagpaliban ang pagbubuntis pagkatapos ng iyong bakuna sa COVID-19.

Ligtas na magpabakuna para sa COVID-19 nang kasabay ng mga iba pang bakuna kung inalok ka habang nagbubuntis.

Kung ikaw ay buntis, malamang na alukin ka ng bakuna na **Pfizer**. Ito ay isang mRNA na uri ng bakuna – isang bakuna na nagsasabi sa iyong katawan kung paano gumawa ng antibodies na tumutulong para labanan ang COVID-19 virus.

Gayunpaman, kung pinayuhan ka ng iyong doktor na hindi ka puwedeng tumanggap ng mRNA na bakuna o hindi mo gustong tumanggap ng mRNA na bakuna, maaaring isaalang-alang ang bakuna na **Novavax** pagkatapos makipag-usap sa isang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan (gaya ng isang doktor, midwife o tagapagbakuna) tungkol sa mga panganib at benepisyo para sa iyo.

Dagdag pa, dahil limitado ang kasalukuyang klinikal na datos, hindi inirerekomenda ng NIAC ang karaniwang paggamit ng **VidPrevtyn Beta** sa pagbubuntis. Ang pagbibigay ng **VidPrevtyn Beta** sa panahon ng pagbubuntis ay dapat lang isaalang-alang batay sa kaso, matapos kumonsulta sa naaangkop na espesyalista kapag mas matimbang ang mga posibleng benepisyo kaysa sa anumang posibleng panganib.

Mas kaunti ang impormasyon namin sa paggamit sa mga bakuna na **Novavax** at **VidPrevtyn Beta** sa mga babaeng buntis. Makikita mo ang higit pang impormasyon sa **www.hse.ie**

Ang mga adapted COVID-19 vaccine ay puwedeng ibigay bilang booster sa pagbubuntis.

Kung hindi ka pa nagkaroon ng pangunahing kurso, maaaring ibigay ang 2 dosis sa anumang yugto ng pagbubuntis.

### **Kung ikaw ay buntis at hindi ka pa kailanman nagkaroon ng booster sa COVID-19:**

- ang iyong unang booster na bakuna ay inirerekomenda nang hindi bababa sa 4 na buwan magmula noong huling dosis mo ng bakuna sa COVID-19 o nakumpirmang impeksyon ng COVID-19.
- makukuha mo ang iyong unang booster sa anumang yugto ng pagbubuntis.

### **Kung nagkaroon ka ng iyong unang booster bago ka nagbuntis:**

- dapat kang kumuha ng isa pang booster kung mahigit sa 6 na buwan na ang nakalipas mula noong nagkaroon ka ng bakuna o impeksyon ng COVID-19.
- maaaring ibigay ang booster na ito sa anumang yugto ng pagbubuntis ngunit inirerekomenda sa pagitan ng 20-34 na linggo. Maaari mo itong kunin nang mas maaga kung mahigit 12 buwan na ang nakalipas mula sa iyong naunang bakuna o impeksyon ng COVID-19.

Kung mayroon kang anumang mga tanong, puwede kang makipag-usap sa isang pinagkakatiwalaang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan.

Sa pagbubuntis, kailangan mo lang ng 1 COVID-19 booster. Gayunpaman, kung ikaw ay buntis at may mahinang immune system maaari mong kunin ang iyong pangalawang booster nang hindi bababa sa 6 na buwan pagkatapos ng iyong huling bakuna o impeksyon ng COVID-19, sa anumang yugto ng pagbubuntis.

## Mga inirerekomandang bakuna ayon sa edad

Lahat ng bakuna sa COVID-19 ay nagbibigay sa iyo ng mabuting proteksyon mula sa malubhang karamdaman sa COVID-19 kapag mayroon kang:

- unang serye ng mga bakuna at
- anumang karagdagan at/o booster na dosis na inirerekomenda para sa iyo.

Ipinapayo ng National Immunisation Advisory Committee (NIAC) na kunin mo ang anumang mRNA na bakuna sa COVID-19 (**Pfizer**) bilang booster na dosis, kasama ang mga adapted vaccine, kahit na iba ang bakuna mo noon.

### Payo ayon sa grupo ng edad:

Kung ikaw ay:

- 5 at mas matanda, aalukin ka ng bakuna na **Pfizer** para sa COVID-19.

Kung hindi ka pa nagkaroon ng mRNA na bakuna, maaaring ialok sa iyo ang bakuna na **Novavax**, o kung minsan ang bakuna na **Vidprevtyn Beta**. Ang **Novavax** ay aprubado para gamitin ng mga tao na 12 taon at mas matanda. Ang **Vidprevtyn Beta** ay aprubado para gamitin bilang booster na bakuna para sa mga tao na 18 taon at mas matanda.

May hiwalay na payo tungkol sa mga bakuna para sa mga bata sa [www.hse.ie](http://www.hse.ie)

## Ano ang aasahan pagkatapos ng iyong bakuna sa COVID-19

Gaya ng lahat ng gamot, ang mga bakuna ay maaaring magdulot ng mga **side effect**. Karamihan sa mga ito ay banayad hanggang katamtaman, panandalian, at hindi lahat ay nagkakaroon ng mga ito.

Ang mga malubhang side effect, gaya ng malubhang allergic na reaksiyon, ay napakabihira. Ang iyong tagapagbakuna ay nagsanay upang gamutin ang mga napakabihirang malubhang allergic na reaksiyon.

Ang mga side effect ay puwedeng magkakaiba sa bawat bakuna at dapat mong basahin ang booklet na ito at ang Pulyeto ng Impormasyon ng Pasyente mula sa tagagawa para sa bakuna na kukunin mo. Ang pulyeto ng tagagawa ay makikita sa [www.hse.ie](http://www.hse.ie) o puwede kaming mag-print ng kopya para sa iyo sa araw na kukunin mo ang iyong bakuna.

Sa susunod na seksyon, ibibigay namin sa iyo ang mga nalalamang side effect ng 3 na bakuna sa COVID-19 na nakadetalye sa booklet na ito, at sasabihin sa iyo kung gaano ka-karaniwan o kabihira ang mga ito. Bibigyang-diin din namin kung sino ang hindi dapat kumuha ng bawat bakuna. Makikita mo ang higit pang impormasyon sa [www.hse.ie](http://www.hse.ie)



Palaging may lumalabas na mas maraming impormasyon. Ang impormasyon sa **www.hse.ie** ay ina-update nang mas madalas, habang nailalathala ang mga bagong pag-aaral.

## Ang 3 bakuna – ang kanilang mga side effect at kailan hindi dapat kunin ang isang partikular na bakuna

Sa mga sumusunod na pahina, sasabihin namin sa iyo ang tungkol sa mga posibleng side effect at kailan hindi dapat kunin ang isang partikular na bakuna. Kinakategorya namin ang mga side effect, mula sa napaka-karaniwan hanggang sa napakabihira.

- Napaka-karaniwan (mahigit sa 1 sa 10 tao)
- Karaniwan (hanggang sa 1 sa 10 tao)
- Hindi karaniwan (hanggang sa 1 sa 100 tao)
- Bihira (hanggang sa 1 sa 1,000 tao)
- Napakabihira (hanggang sa 1 sa 10,000 tao)
- Napakabihira. Hindi pa nalalaman kung ilang tao na kumukuha ng bakuna na ito ang makararanas ng mga side effect na ito ngunit ipinapalagay na napakabihira ng mga ito.

Bagama't magkakaroon ng mga magkakaparehong side effect ang iba't ibang bakuna, dapat mong bigyang-pansin ang mga side effect na nakalista para sa bakuna na kukunin mo. Ang pangalan at kulay ng bakuna ay nasa record card na ibibigay sa iyo ng iyong tagapagbakuna at sa mga pahina ng booklet na ito. Dapat kang magbantay para sa mga side effect sa mga oras at araw pagkatapos ng iyong bakuna.

## Bakuna sa COVID-19 na Pfizer – tinatawag ding Comirnaty

Ang mga posibleng side effect at kung gaano kadalas mangyari ang mga ito ay nakalista sa ibaba, na sinusundan ng kung kailan hindi dapat kunin ang bakuna na ito. Kung may pagdududa, palaging magtanong sa isang pinagkakatiwalaang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan.

Mga posibleng side effect:	
<p><b>Napaka-karaniwan</b> Mahigit sa 1 sa 10 tao</p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• pakiramdam na pagod</li> <li>• pananakit o pamamaga kung saan ka tinuruan ng bakuna</li> <li>• sakit ng ulo</li> <li>• pananakit ng kalamnan</li> <li>• pananakit ng kasu-kasuan</li> <li>• pagtatae</li> <li>• lagnat (temperatura na 38 degrees Celsius o mas mataas) o panginginginig</li> </ul>
<p><b>Karaniwan</b> Hanggang sa 1 sa 10 tao</p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• pagduruwal</li> <li>• pagsusuka</li> <li>• pamumula kung saan itinurok ang bakuna</li> <li>• pamamaga ng mga lymph gland. Mas karaniwan ito pagkatapos ng booster na dosis.</li> </ul>
<p><b>Hindi karaniwan</b> Hanggang sa 1 sa 100 tao</p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• pagkahilo</li> <li>• pangangati kung saan itinurok ang bakuna</li> <li>• pangangati sa buong katawan</li> <li>• pantal</li> <li>• hindi makatulog</li> <li>• sobrang pagpapawis</li> <li>• pagpapawis sa gabi</li> <li>• nabawasang ganang kumain</li> <li>• kakulangan ng lakas, pananamlay o masamang pakiramdam</li> <li>• pananakit sa braso kung saan ka binakunahan</li> </ul>
<p><b>Bihira</b> Hanggang sa 1 sa 1,000 tao</p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• pansamantalang paglaylay ng isang panig ng mukha</li> <li>• mga allergic na reaksiyon tulad ng mga pantal o pamamaga ng mukha</li> </ul>
<p><b>Napakabihira</b> Hanggang sa 1 sa 10,000 tao</p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• myocarditis at pericarditis. Nangangahulugan ito na pamamaga ng kalamnan ng puso o ng lining ng kalamnan ng puso. Tingnan ang susunod na pahina para sa mga sintomas.</li> </ul>

**Lubhang napakabihira**

Hindi pa nalalaman ang dalas

- malubhang allergic na reaksiyon
- Erythema Multiforme – isang reaksiyon ng balat na nagdudulot ng mga pulang batik o patse sa balat na parang target o “bulls-eye” na may maitim na pulang gitna na napapalibutan ng mga mas mapusyaw na pulang singsing
- pamamaga ng mukha kung mayroon kang mga filler sa mukha
- malawakang pamamaga ng braso (o binti) kung saan itinurok ang bakuna
- pangingilig o pakiramdam na tinutusok, o pagkawala ng pandama sa ilang bahagi ng katawan
- malakas na pagdurugo sa buwanang regla

**Mga sintomas ng myocarditis at pericarditis**

Ang myocarditis at pericarditis ay mga kondisyong pamamaga ng puso. Kahit pa napakababa ng panganib ng mga kondisyong ito, dapat mong malaman ang mga palatandaan na babantayan. Mas karaniwan ang myocarditis at pericarditis sa mga lalaki na wala pang 30 taong gulang pagkatapos ng kanilang pangalawang primaryang dosis ng bakuna. Ang panganib ng mga side effect na ito ay tila mas mababa pagkatapos ng unang booster.

Humingi ng medikal na tulong kung magkaroon ka ng alinman sa mga sintomas na ito pagkatapos mong makuha ang bakuna:

- hinahabol ang paghinga
- mga palpitasyon (isang malakas na tibok ng puso na maaaring hindi regular)
- pananakit ng dibdib

**Ikaw ay HINDI dapat kumuha ng bakuna sa COVID-19 na Pfizer (Comirnaty) kung:**

- Nagkaroon ka ng malubhang allergic na reaksiyon sa alinman sa mga sangkap sa bakuna (kabilang ang polyethylene glycol o PEG). Basahin ang Pulyeto ng Impormasyon ng Pasyente mula sa tagagawa upang makita ang listahan ng mga sangkap.
- Nagkaroon ka ng malubhang allergic na reaksiyon sa naunang dosis ng bakuna sa COVID-19 na **Pfizer** o **Moderna** (Spikevax).
- Nagkaroon ka ng malubhang allergic na reaksiyon pagkatapos ng Trometamol (isa sa mga nilalaman ng contrast dye na ginagamit sa mga pag-aaral ng MRI sa radiology).
- Sinabihan ka ng isang Doktor na hindi mo dapat kunin ang bakuna sa COVID-19 na **Moderna** (Spikevax) o ang bakuna sa COVID-19 na **Pfizer** para sa mga dahilang medikal.

**Kausapin ang iyong Doktor bago kunin ang bakuna sa COVID-19 na ito kung ikaw ay:**

- nagkaroon ng malubhang allergic na reaksiyon (anaphylaxis) sa nakaraan, kabilang sa iba pang bakuna o gamot
- nagkaroon ng myocarditis at pericarditis (pamamaga ng kalamnan ng puso o lining ng puso) pagkatapos ng naunang dosis ng mga bakuna sa COVID-19

Para sa mga bata na nagkaroon noon ng Multisystem Inflammatory Syndrome MIS-C), maaari nilang kunin ang bakuna sa COVID-19 kapag gumaling na sila at hindi bababa sa 90 araw pagkatapos nilang masuri, alinman ang mas matagal.

Kung natanggap mo kamakailan ang bakuna (Imvanex or Jynneos) sa MPOX (dating kilala bilang Monkeypox) kailangan mong maghintay nang 4 na linggo bago ka kumuha ng bakuna sa COVID-19 dahil sa mga hindi nalalamang panganib ng myocarditis.

## Bakuna sa COVID-19 na VidPprevtyn Beta

Ang mga posibleng side effect at kung gaano kadalas mangyari ang mga ito ay nakalista sa ibaba, na sinusundan ng kung kailan hindi dapat kunin ang bakuna na ito. Kung may pagdududa, palaging magtanong sa isang pinagkakatiwalaang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan.

Mga posibleng side effect:	
<b>Napaka-karaniwan</b> Mahigit sa 1 sa 10 tao	<ul style="list-style-type: none"><li>● pananakit kung saan ka tinurukan</li><li>● sakit ng ulo</li><li>● pananakit ng kalamnan</li><li>● pananakit ng kasu-kasuan</li><li>● masamang pakiramdam sa kabuuan</li><li>● pangiginig</li></ul>
<b>Karaniwan</b> Hanggang sa 1 sa 10 tao	<ul style="list-style-type: none"><li>● pamumula o pamamaga kung saan ka tinurukan</li><li>● lagnat (temperatura na 38 degrees Celsius o mas mataas)</li><li>● pakiramdam na pagod</li><li>● pagduruwal</li><li>● pagtatae</li></ul>
<b>Hindi karaniwan</b> Hanggang sa 1 sa 100 tao	<ul style="list-style-type: none"><li>● pananakit kung saan ka nainiksyonan</li><li>● pagkakaroon ng pasa kung saan ka nainiksyonan</li><li>● mainit kung saan ka nainiksyonan</li><li>● namamagang mga lymph gland</li></ul>

### Ikaw ay HINDI dapat kumuha ng bakuna sa COVID-19 na Vidprevtyn Beta kung:

- Nagkaroon ka ng malubhang allergic na reaksiyon (anaphylaxis) sa alinman sa mga sangkap sa bakuna (kabilang ang polysorbate 20 or octylphenol ethoxylate). Basahin ang Pulyeto ng Impormasyon ng Pasyente mula sa tagagawa upang makita ang listahan ng mga sangkap.
- Nagkaroon ka ng malubhang allergic na reaksiyon sa naunang dosis ng bakuna na ito.

### Kausapin ang iyong Doktor bago kunin ang bakuna sa COVID-19 na ito kung ikaw ay:

- Nagkaroon ng malubhang allergic na reaksiyon (anaphylaxis) sa nakaraan, kabilang sa iba pang bakuna o gamot.

# Bakuna sa COVID-19 na Novavax

- *tinatawag ding Nuvaxovid*

Ang mga posibleng side effect at kung gaano kadalas mangyari ang mga ito ay nakalista sa ibaba, na sinusundan ng kung kailan hindi dapat kunin ang bakuna na ito. Kung may pagdududa, palaging magtanong sa isang pinagkakatiwalaang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan.

Mga posibleng side effect:	
<b>Napaka-karaniwan</b> Mahigit sa 1 sa 10 tao	<ul style="list-style-type: none"><li>● pakiramdam na pagod</li><li>● masamang pakiramdam sa kabuuan</li><li>● sakit ng ulo</li><li>● pagduruwal o pagsusuka</li><li>● pananakit ng kalamnan</li><li>● pananakit ng kasu-kasuan</li><li>● pananakit o pamamaga sa iyong braso kung saan ka ininiksyonan ng bakuna</li></ul>
<b>Karaniwan</b> Hanggang sa 1 sa 10 tao	<ul style="list-style-type: none"><li>● lagnat (temperatura na 38 degrees Celsius o mas mataas)</li><li>● panginginig</li><li>● pananakit sa mga kamay o paa</li><li>● pamumula o pamamaga kung saan itinurok ang bakuna</li></ul>
<b>Hindi karaniwan</b> Hanggang sa 1 sa 100 tao	<ul style="list-style-type: none"><li>● pamamaga ng mga lymph gland</li><li>● mataas na presyon ng dugo na tumatagal nang ilang araw pagkatapos ng pagbabakuna</li><li>● pantal</li><li>● pamumula ng balat</li><li>● pangangati sa buong katawan</li><li>● pangangati kung saan itinurok ang bakuna</li><li>● mga pantal</li></ul>
<b>Napakabihira</b> Hindi pa nalalaman ang dalas	<ul style="list-style-type: none"><li>● anaphylaxis – isang malubhang allergic na reaksiyon</li><li>● pangingilig o pakiramdam na tinutusok, o pagkawala ng pandama sa ilang bahagi ng katawan</li><li>● myocarditis at pericarditis. Nangangahulugan ito na pamamaga ng kalamnan ng puso o ng lining ng kalamnan ng puso. Tingnan ang susunod na pahina para sa mga sintomas.</li></ul>

## Mga sintomas ng myocarditis at pericarditis

Ang myocarditis at pericarditis ay mga kondisyong pamamaga ng puso. Kahit pa napakababa ng panganib ng mga kondisyong ito, dapat mong malaman ang mga palatandaan na babantayan. Ang mga sintomas na ito ay puwedeng lumitaw sa loob ng ilang araw pagkatapos makuha ang bakuna at pangunahing nangyayari sa loob ng 14 na araw. Humingi ng medikal na tulong kung magkaroon ka ng alinman sa mga sintomas na ito pagkatapos mong makuha ang bakuna:

- hinahabol ang paghinga
- mga palpitasyon (isang malakas na tibok ng puso na maaaring hindi regular)
- pananakit ng dibdib

---

## Ikaw ay HINDI dapat kumuha ng bakuna sa COVID-19 na **Novavax** (Nuvoxoid) kung:

- Nagkaroon ka ng malubhang allergic na reaksiyon sa alinman sa mga sangkap sa bakuna (kabilang ang polysorbate 80). Basahin ang Pulyeto ng Impormasyon ng Pasyente mula sa tagagawa upang makita ang listahan ng mga sangkap. Pakitandaan na ang mga bakuna sa COVID-19 na Janssen at Astrazeneca (Vaxzevria) ay naglalaman din ng Polysorbate 80.
- Nagkaroon ka ng malubhang allergic na reaksiyon sa naunang dosis ng bakuna.

---

## Kausapin ang iyong Doktor bago kunin ang bakuna sa COVID-19 na ito kung ikaw ay:

- nagkaroon ng myocarditis o pericarditis (pamamaga ng kalamnan ng puso o lining ng puso) pagkatapos ng naunang dosis ng mga bakuna sa COVID-19
- nagkaroon ng malubhang allergic na reaksiyon (anaphylaxis) sa nakaraan, kabilang sa iba pang bakuna o gamot.

Kung natanggap mo kamakailan ang bakuna (Imvanex or Jynneos) sa MPOX (dating kilala bilang Monkeypox) kailangan mong maghintay nang 4 na linggo bago ka kumuha ng bakuna sa COVID-19 dahil sa hindi nalalamang panganib ng myocarditis.

## Ano ang gagawin kung mayroon kang lagnat o mga pangangirot at pananakit

Kung mayroon kang lagnat o pangangirot at pananakit, maaari kang uminom ng paracetamol o ibuprofen para makatulong. Gayunpaman, kung magtatagal ang iyong lagnat nang higit sa 48 oras o kung nag-aalala ka pa rin, humingi sana ng medikal na payo.

## Panahon na kinakailangan para magkabisa ang mga bakuna

Nangangailangan ng ilang panahon pagkatapos mong makuha ang bakuna, hanggang sa 14 na araw, para tumugon ang iyong immune system at bigyan ka ng proteksyon mula sa COVID-19.

May malakas at mapagkakatiwalaang ebidensya na ang mga bakuna sa COVID-19 ay lubhang epektibo sa pagpigil sa mga pagkamatay at malubhang karamdaman sa COVID-19 at na malaki ang nababawas ng mga ito sa panganib mo na makuha ang virus na ito.

Dapat mong sundin ang pinakahuling payo ng kalusugan ng publiko sa pagprotekta sa iyong sarili at sa iba sa **[www.hse.ie](http://www.hse.ie)**

## Paano mag-uulat ng mga side effect

Natututo tayo tungkol sa mga bakuna sa COVID-19. Kung makaranas ka ng side effect pagkatapos ng iyong bakuna sa COVID-19, hinihiling namin na iulat mo ito sa Health Products Regulatory Authority (HPRA).

Ang HPRA ang panregulatoryong awtoridad sa Ireland para sa mga gamot, medikal na aparato at iba pang produktong pangkalusugan. Mangyaring bisitahin ang **[www.hpra.ie/report](http://www.hpra.ie/report)** upang mag-uulat ng side effect ng isang bakuna sa COVID-19. Puwede mo ring hingin sa iyong Doktor o sa isang miyembro ng pamilya na iulat ang side effect para sa iyo.



## Ang iyong personal na impormasyon

Upang ligtas na maibigay ang bakuna at maitala ang lahat ng kinakailangang impormasyon upang subaybayan at pangasiwaan ang bakuna, ipoproseso ng HSE ang personal na impormasyon mo. Lahat ng impormasyon na ipoproseso ng HSE ay alinsunod sa mga pangkalahatang batas at partikular ang General Data Protection Regulation (GDPR) na nagsimulang ipatupad noong 2018.

Ang pagproseso sa datos mo ay susunod sa batas at magiging patas. Ipoproseso lang ito para sa partikular na layunin upang pangasiwaan ang mga pagbabakuna. Ang prinsipyo ng Data Minimisation ay nailapat. Nangangahulugan ito na tanging ang datos na kinakailangan upang makilala ka, i-book ang iyong appointment, itala ang iyong pagbabakuna at subaybayan ang mga epekto nito ang itinatala.

Mayroon ka ng mga sumusunod na karapatan sa ilalim ng GDPR pagdating sa ipoprosesong personal na datos mo.

- Humingi ng impormasyon at access sa personal na datos mo (karaniwang tinatawag na 'data subject access request'). Magbibigay-daan ito sa iyo na makatanggap ng kopya ng personal na datos na hawak namin tungkol sa iyo at siguraduhing pinoproseso ito nang ayon sa batas.
- Humingi ng pagwawasto sa hawak namin na personal na datos tungkol sa iyo. Nagbibigay-daan ito sa iyo na ipawasto ang anumang hindi kumpleto o hindi tamang impormasyon na hawak namin tungkol sa iyo.
- Hingin na mabura ang iyong personal na datos. Nagbibigay-daan ito sa iyo na hingin sa amin na burahin o alisin ang personal na datos mo kung saan walang magandang dahilan para ipagpatuloy naming iproseso ito. Mayroon ka ring karapatan na hingin sa amin na burahin o alisin ang personal na impormasyon mo kung saan ginamit mo ang iyong karapatan na tutulan ang pagproseso.
- Tutulan ang pagproseso sa iyong personal na datos.

Higit pang impormasyon ang makikita sa [www.hse.ie/eng/gdpr](http://www.hse.ie/eng/gdpr)

## Saan makakahanap ng karagdagang impormasyon

Ang **www.hse.ie** ay may detalyadong impormasyon sa COVID-19 mula sa aming mga eksperto sa:

- Mga available na bakuna at sino ang makakakuha sa mga ito
- Paano magpabakuna
- Pagkuha sa iyong bakuna pagkatapos maranasan ang sakit
- Mga dosis ng bakuna na inirerekomenda para sa iyo
- Pagdedesiyon sa pagbabakuna para sa mga bata
- Mga sintomas at pagsusuri
- Payo upang protektahan ang iyong sarili at ang iba

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa bakuna na ibinibigay sa iyo, maaari mong basahin ang Pulyeto ng Impormasyon ng Pasyente mula sa tagagawa. Ipi-print para sa iyo sa araw na kukunin mo ang iyong bakuna, o makikita mo ito sa **www.hse.ie/covid19vaccinePIL**

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa bakuna, maaari ka ring makipag-usap sa isang propesyonal sa kalusugan, gaya ng iyong tagapagbakuna, Doktor, Parmasyutiko, o team ng pangangalagang pangkalusugan.

Maaari mo ring tawagan ang HSELive sa Freephone **1800 700 700**. Narito ang aming team para tulungan ka Lunes hanggang Biyernes 8am hanggang 8pm o Sabado at Linggo 9am hanggang 5pm.





**COVID-19  
VACCINE**  
Public Health  
Advice

Inilathala ng HSE noong Setyembre 2023  
Para sa pinakabagong impormasyon  
bisitahin ang **[www.hse.ie](http://www.hse.ie)**



**Rialtas na hÉireann**  
Government of Ireland